MGA TALA TUNGKOL SA MGA KONTRIBUTOR

John E. Barrios Isang fakulti ng College of Arts and Letters ng Unibersidad ng Pilipinas Visayas – Iloilo at kasalukuyang nag-aaral ng doktorado sa Filipino – Panitikan ng Pilipinas sa Kolehiyo ng Arte at Literatura ng Unibersidad ng Pilipinas-Diliman. Nagsilbi siyang Execom Member at Representante ng Rehiyon VI sa Committee on Cultural Education at Committee on Language and Translation ng National Commission for Culture and the Arts. Isa siya sa mga nakaupong Part-time Komisyoner ng Komisyon sa Wikang Filipino sa kasalukuyan.

Eugene Y. Evasco Nagtapos ng Doctor of Philosophy in Filipino (Malikhaing Pagsulat), ng Master of Arts in Filipino: Malikhaing Pagsulat, at ng Bachelor of Arts in Araling Pilipino (magna cum laude) sa Unibersidad ng Pilipinas-Diliman. Kasalukuyang Kawaksing Propesor ng panitikang pambata, at malikhaing pagsulat sa Kolehiyo ng Arte at Literatura sa UP Diliman. Labindalawang ulit siyang nagwagi ng Carlos Palanca Memorial Award for Literature para sa tula, tulang pambata, sanaysay, at maikling kuwentong pambata. Nailuklok siya sa Hall of Fame ng Palanca Awards noong 2009, naging Makata ng Taon 2000, at dalawang ulit na nagwagi ng PBBY-Salanga Writer's Prize (1997 at 2011). Pinarangalan ang aklat niyang Ang Sampung Bukitkit ng 2012 National Children's Book Award at itinanghal na University Artist II sa UP Diliman.

Rowena Cristina L. Guevara Kasalukuyang Direktor ng Department of Science and Technology-Philililippine Council for Industry, Energy, and Emerging Technology Research and Development. Nagtapos ng kursong Batsilyer sa Agham ng Inhenyeriyang Elektrikal at Master sa Agham ng Inhenyeriyang Elektrikal sa UP, at naging iskolar ng DOST-ESEP habang kinukuha ang PhDEE: Systems sa University of Michigan, Ann Arbor. Nagpatuloy siya sa kaniyang Post Doctoral Studies ukol sa speech signal processing sa Tokyo Institute of Technology, Nagatsuta, Department of Information, at sa University of California, Berkeley, International Computer Science Institute. Siya ay may-akda ng maraming saliksik at publikasyong teknikal sa digital signal processing at mahigit dalawang dekada na siyang nagtuturo sa Kolehiyo. Sa kasaysayan ng Kolehiyo ng Inhenyeriya, siya ang pinakabata at kauna-unahang babaeng dekana ng Kolehiyo. Nagsimula siyang manungkulan bilang dekana noong 2004 hanggang 2010 kasabay ng pagiging Tagapagpaganap na Direktor ng National Engineering Center.

Joel P. Ilao Kasalukuyang Direktor ng Advanced Research Institute for Informatics, Computing, and Networking (AdRIC) at Katuwang na Propesor sa Computer Technology Department ng Pamantasang De La Salle. Nagtapos ng kursong Batsilyer sa Agham ng Inhenyeriyang Elektroniks at Komunikasyon, at Doktorado sa Pilosopiya ng Inhenyeriyang Elektrikal at Elektroniks sa Unibersidad ng Pilipinas, at Master sa Agham ng Agham Pangkompiyuter naman sa Pamantasang De La Salle. Naglingkod bilang laboratory affiliate sa Yamatake Industrial Controls and Automation Laboratory (YICAL) noong kolehiyo pa lamang at sa Digital Signal Processing (DSP) Laboratory ng UP Diliman habang tinatapos ang kursong doktorado. Ang larang ng pagdadalubhasa ay Digital Signal Processing, Machine Vision, at Corpus Linguistics.

Jem R. Javier Kasalukuyang Instruktor sa Kagawaran ng Linggwistiks, Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, Unibersidad ng Pilipinas-Diliman. Nagtapos ng BA Linggwistiks at kasalukuyang tinatahak ang huling taon ng Master ng Arte major sa Linggwistiks sa parehong Departamento. Nakapagsagawa na rin ng mga pananaliksik sa larangan ng Theoretical Linguistics, Sociolinguistics, Ethnolinguistics, at Anthropology.

Jonathan C. Malicsi Isang Propesor XII ng Kagawaran ng Linggwistiks sa Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, Unibersidad ng Pilipinas-Diliman, kung saan nagtuturo siya ng mga kurso sa ponolohiya, gramatika, semantika, at sosyolinggwistiks. Dalawang beses nang naging Tagapangulo ng Kagawaran ng Linggwistiks. Nagtapos ng BA English, MA Linguistics, Ph.D. Philippine Studies, at BM Voice sa UP Diliman, at kumuha ng mga kursong doktorado sa linggwistiks sa State University of New York in Buffalo sa ilalim ng Fulbright Fellowship. Bilang espesyalista sa linggwistiks ng Ingles, kasalukuyan siyang consultant para sa mga programang pagsasanay sa Ingles ng Foreign Service Institute at ilang mga multinational, at para sa mga kursong pangkolehiyo sa Ingles ng ilang mga unibersidad.

Timothy Israel D. Santos Nagtapos ng Batsilyer sa Agham ng Inhenyeriyang Elektroniks at Komunikasyon sa UP Diliman. Kasalukuyang bahagi ng proyektong Interdisciplinary Signal Processing for Pinoys (ISIP) ng Department of Science and Technology – Philippine Council for Industry and Energy Research and Development (DOST-PCIERD) at UP Digital Signal Processing Laboratory.

Amaryllis T. Torres Retiradong Propesor ng Kolehiyo ng Gawaing Panlipunan at Pagpapaunlad ng Pamayanan ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Kasalukuyang Professorial Lecturer para sa Programang Doktorado ng Gawaing Panlipunan ng CSWCD, at fakulti ng kursong Master in Public Management – Rural Development na magkatulong na itinataguyod ng Development Academy of the Philippines at ng Ateneo School of Local Governance.